**County ng Santa Clara**
**Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan**

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.3798

# KINAKAILANGAN NG KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA ANG ILANG MGA PASILIDAD NG HEALTHCARE SA LOOB NG COUNTY AY MAGBIGAY NG PAGSUSURING DYAGNOSTIKO PARA SA COVID-19 SA MGA TAONG MAY MGA SINTOMAS, MGA TAONG NAKIKIPAGSALAMUHA SA MGA KUMPIRMADONG KASO NG COVID-19, MGA TAONG SINANGGUNI NA MAGPASURI NG DEPARTAMENTO NG PAMPUBLIKONG PANGKALUSUGAN NG COUNTY, AT MGA MAHAHALAGANG MANGGAGAWA

**PETSA NG KAUTUSAN: Setyembre 16, 2020**

**Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusang ito ay isang maliit na krimen (misdemeanor) na mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Kodigong Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Kodigong Penal §§ 69, 148(a)(1); Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County § A1-28.) Ang paglabag sa Kautusang ito ay maaari ding kilalanin sa ilalim ng Agarang Ordinansa ng Santa Clara County Num. NS-9.291, na nagtatatag ng isang civil enforcement program at pinahihintulutan ang mga multa na pang-administratibo para sa mga paglabag sa mga batas ng Opisyal ng Pangkalusugan at iba pang mga batas na nauugnay sa pandemyang COVID-19.**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGONG PANGKALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYONG 101040, 101085, AT 120175 AT NG KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYONG A18-28 HANGGANG SA A18-32, INUUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. Itong Kautusan ay pumapalit sa Kautusan ng Hunyo 10, 2020 ng Opisyal ng Pangkalusugan na nagdidirekta sa mga Pasilidad ng Healthcare sa Santa Clara County ("County") na magbigay sa ilang mga kategoriya ng kanilang mga Pasyente ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 tulad ng mga naunang na-capitalize na mga salita na tinukoy sa Seksyong 11 sa ibaba. Itong Kautusan ay nagdaragdag o nagbabago ng apat na pangunahing mga kinakailangan sa Kautusan ng Hunyo 10, 2020. Una, binabago nito ang mga kategoriya ng mga Pasyente na dapat mabigyan ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ng mga Pasilidad ng Heathcare. Pangalawa, binabago nito ang oras kung kailan dapat magbigay ang mga Pasilidad ng Healthcare ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 pati na rin ang mga resulta sa mga kategoriyang iyon ng mga Pasyente. Pangatlo, kinakailangan nito sa mga Pasilidad ng Healthcare na magbigay ng malinaw na abiso sa mga Pasyente tungkol kung paano ma-access

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
County Executive: Jeffrey V. Smith

ang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa pamamagitan ng kanilang healthcare provider. At pang-apat, kinakailangan nito sa mga Pasilidad ng Healthcare na tumiyak na ang pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ay madali at klaro, at itigil at hindi na gumawa nang anumang pamamaraan na maging hadlang sa madali at klarong pag-access. Simula sa epektibong petsa at oras ng Kautusang ito na nakasaad sa Seksyong 16 sa ibaba, lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare ay kinakailangan na sumunod sa mga probisyon ng Kautusang ito.

2. Ang layunin ng Kautusang ito ay tiyakin ang pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 upang mabisang maiwasan at makontrol ang COVID-19 sa ating komunidad. Ang pagpapalawak ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ay mahalaga sapagkat nakakatulong ito na makilala ang mga indibidwal na nahawaan ng virus na sanhi ng COVID-19 (SARS-CoV-2), tiyakin na makatanggap ng naaangkop na pangangalaga ang mga indibidwal, protektahan ang mga madaling magkasakit na populasyon, pigilan ang pagkalat ng COVID- 19, at sa huli ay maiwasan ang malubhang sakit at kamatayan. Upang epektibong makatulong ang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 na maiwasan at makontrol ang COVID-19, gayunpaman, dapat na maunawaan ng mga indibidwal kung kailan sila kwalipikado para sa pagsusuri at dapat maaari nilang ma-access ang pagsusuri, at ang kanilang mga resulta ng pagsusuri, nang mabilis at walang labis na mga hadlang.

3. Lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare sa County ay dapat magbigay ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa bawat sumusunod na mga kategoriya ng mga Pasyente sa Pasilidad ng Healthcare na naghahanap ng pangangalaga, kabilang ang pagsusuri, kung sa personal man o di-personal, sa pamamagitan ng telepono o elektronikong mensahe:

    a. Lahat ng mga Taong May Sintomas, tulad ng nakatukoy sa Seksyong 11, kahit anuman ang edad, estado ng kalusugan sa ospital, may iba pang mga sakit, o iba pang mga kadahilanan ng panganib sa COVID-19;

    b. Ang lahat ng mga tao na, mayroon o walang mga Sintomas ng COVID-19, tulad ng natukoy sa Seksyong 11, na nag-uulat na sila ay nalantad sa isang nakumpirmang kaso ng COVID-19;

    c. Lahat ng mga tao na isinangguni ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa kanilang provider para sa Pagsusuring Dyagnostiko sa COVID-19;

    d. Lahat ng mga tao na, mayroon o walang mga Sintomas ng COVID-19, na "Mga Mahahalagang Manggagawa" na tinukoy ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ng regulasyong pang-emergency ng Departamento ng Managed Health Care ng California, 28 CCR § 1300.67.01 (b) (5), kasalukuyang makukuha din sa: https://wpso.dmhc.ca.gov/regulations/docs/regs/50/1594998444637.pdf.

4. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay maaaring magtanong sa Pasyente kung ang Pasyente ay nasa loob ng isang kategoriya na inilarawan sa Seksyong 3, ngunit maaaring hindi humiling ng karagdagang katibayan ng pagiging kwalipikado sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19. Hindi rin maaaring higpitan ng mga Pasilidad ng Healthcare ang pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 para sa sinumang Pasyente na nasa kategoriya (a), (b), o (c) sa Seksyong 3 batay sa petsa ng nakaraang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ng Pasyente, dahil ang mga bagong pagkalantad o mga imbestigasyon ng pampublikong pangkalusugan ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County ay maaaring mangailangan ng madalas na pagsusuri. Para sa mga Pasyente na nabibilang lamang sa kategoriya (d) sa Seksyong 3, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay maaaring pumili ng paghigpit nang pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa isang beses bawat labing-apat (14) na araw ng kalendaryo.

5. Para sa sinumang Pasyente na nasa mga kategoriyang (a), (b), at (c) sa Seksyong 3, ang Pasilidad ng Healthcare na nagbibigay ng pangangalaga sa Pasyente ay dapat magbigay ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa oras na magpakita ang Pasyente para sa pangangalaga. Kung mayroon mang Pasyente na nasa mga kategoriyang (a), (b), o (c) sa Seksyong 3 na naghahanap ng pangangalaga o Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 na di-personal, tulad sa pamamagitan ng telepono o elektronikong mensahe, ang Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 na hindi lalampas sa katapusan ng susunod na araw ng kalendaryo. Para sa sinumang Pasyente na nasa sa kategoriyang (d) lamang sa Seksyong 3, ang Pasilidad ng Healthcare na nagbibigay ng pangangalaga sa Pasyente ay dapat magbigay ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo sa oras na naghanap ang Pasyente ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19; sa kondisyon, gayunman, na ang isang Pasilidad ng Healthcare ay maaaring humiling sa Pasyente na maghintay ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo mula ng huling Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ng Pasyente, na naaayon sa mga kinakailangang dalas ng pagpapasuri na nakasaad sa Seksyong 4. Ang mga pasyente na naghahanap ng di-personal na pangangalaga ay maaaring isangguni para sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa isang itinukoy na klinika o sentro ng pagsusuri na pinapatakbo ng Pasilidad ng Healthcare hangga't ang pasyente ay bibigyan ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa loob ng mga kinakailangang oras sa Seksyong 5 na ito.

6. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay sa mga Pasyente na nasa Seksyong 3 ng mga resulta ng anumang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa loob ng isang makatuwirang tagal ng panahon na hindi lalampas sa tatlong (3) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagkolekta ng specimen ng Pasyente para sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19. Dapat gawin ng mga Pasilidad ng Healthcare ang lahat ng mga makatuwirang pagsisikap upang matugunan ang mga kinakailangang oras na nakasulat sa Seksyong 6 na ito. Kung ang isang Pasilidad ng Healthcare ay hindi makapagbigay ng mga resulta ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa mga Pasyente sa loob ng mga kinakailangang oras sa Seksyong 6 na ito, dapat kaagad magbigay alam ang Pasilidad ng Healthcare sa County sa

pamamagitan ng www.scccovidconcerns.org ng mga dahilan para sa pagkaantala at mga hakbang na ginagawa ng Pasilidad ng Healthcare upang malutas ang pagkaantala.

7. Kung saan naaangkop, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat humingi ng bayad mula sa mga group health plans at health insurance providers ng mga Pasyente para sa anumang mga bayarin, gastos, o singil na natamo sa pag-order o pagkumpleto ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa ilalim ng Kautusang ito. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas at regulasyon ng estado at/o pederal tungkol sa pagbabayad para sa pagsusuri, kabilang ang anumang mga batas at regulasyon na nagbabawal sa pagsingil sa mga Pasyente para sa mga bayarin, gastos, o singil na nauugnay sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19.

8. Wala sa Kautusang ito ang nagbabawal sa isang Pasilidad ng Healthcare sa pag-aalok din ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa iba pang mga kategoriya ng mga tao sa kanilang sariling pagpapasiya. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay mariing hinihikayat na palawakin ang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 hangga't maaari, at upang maipatupad ang mga rekomendasyon at gabay mula sa Opisyal ng Pangkalusugan tungkol sa mas malawak na pagsusuri ng mga tao para sa COVID-19. Gayunpaman, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay hindi maaaring pumili na unahin ang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 para sa mga taong hindi nakalista sa Seksyong 3 kaysa sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 para sa mga Pasyenteng nakalista sa Seksyong 3.

9. Ang mga Pasilidad ng Healthcare sa County ay dapat, bilang naaangkop, magpatuloy na sumunod sa mga kinakailangan sa pag-uulat tungkol sa mga resulta ng pagsusuri na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan sa Marso 24, 2020 o anumang kasunod na kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, pati na rin ang anumang karagdagang pag-uulat na kinailangan o hiniling ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County.

10. Dapat i-update ng mga Pasilidad ng Healthcare ang anumang impormasyong ibinibigay nila sa mga Pasyente tungkol sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19, kabilang ang pagiging kwalipikado ng Pasyente, ang nai-post sa mga public- o patient-facing websites ng mga Pasilidad ng Healthcare, kabilang ang mga FAQs, alinsunod sa mga kinakailangan na nakasaad sa Kautusang ito. Dapat din silang magbigay ng abiso sa lahat ng mga healthcare provider at iba pang kawani na nakasalamuha sa mga Pasyente tungkol sa mga kinakailangan ng Kautusang ito at kung paano tinitiyak ng Pasilidad ng Healthcare ang pag-access sa pagsusuri alinsunod sa Kautusang ito. Kung ang isang Pasilidad ng Healthcare ay mayroong region-specific public- or patient-facing website (tulad ng para sa Northern California, Bay Area, o Peninsula), dapat partikular na tandaan ng Pasilidad ng Healthcare na ang mga Pasyente na tumanggap ng pangangalaga sa County ay kwalipikado na makatanggap ng Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 na naaayon sa Kautusan na ito kung sila ay isang Pasyente na inilarawan sa Seksyong 3. Bilang karagdagan, simula sa pitong (7) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng naging mabisa ang Kautusang ito tulad ng nakasaad sa Seksyong 16, dapat isapubliko ng mga Pasilidad ng Healthcare ang impormasyon sa mga Pasyente upang matiyak na

maunawaan ng mga Pasyente kung paano ma-access ang Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 sa pamamagitan ng kanilang healthcare provider. Ang pagpapasapubliko na ito ay dapat na nasa anyo ng Paunawa sa Pagsusuri ng Pasyente na makukuha sa www.sccgov.org/covidtestingnotice. Dapat isapubliko ng mga Pasilidad ng Healthcare ang impormasyong ito sa pamamagitan ng kanilang karaniwang mga paraan ng komunikasyon at pamamaraan, kabilang ngunit hindi limitado sa:

a. Malinaw na paglagay nang Paunawa sa Pagsusuri ng Pasyente sa mga waiting room ng pasyente at mga silid ng pagsusuri o paggamot.

b. Pagpost ng Paunawa sa Pagsusuri ng Pasyente sa mga public- or patient-facing website ng mga Pasilidad ng Healthcare.

c. Kabilang ang Paunawa sa Pagsusuri ng Pasyente (o lahat ng impormasyong materyal sa loob nito) sa lahat ng pangpromosyon, pang-impormasyon, o iba pang mga katulad na materyales na nauugnay sa COVID-19 na ipinamamamahagi ng Pasilidad ng Healthcare sa mga Pasyente.

d. Nagpapadala ng isang elektronikong mensahe o e-mail sa lahat ng mga Pasyente na tumatanggap ng pangunahing pangangalaga sa pamamagitan ng Pasilidad ng Healthcare na kabilang ang lahat ng impormasyon sa Paunawa sa Pagsusuri ng Pasyente.

Dapat ding tiyakin ng mga Pasilidad ng Healthcare na ang pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ay madali at klaro, sa pamamagitan ng, halimbawa, mga lokasyon ng pagsusuri na drive-through at walk-up. Bilang karagdagan, nangangahulugan ito na ang isang Pasilidad ng Healthcare ay hindi maaaring mangailangan sa mga Pasyente sa mga kategoriyang (b), (c) at (d) sa Seksyong 3 na mag-iskedyul muna ng isang appointment sa isang provider upang matukoy ng maaga sa pagiging kwalipikado para sa Pagsusuring Dyagnostiko sa COVID-19. Sa pagtanggap ng abiso mula sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County na ang ganitong pamamaraan ay isang hadlang para sa madali at klarong pag-access sa Pagsusuring Dyagnostiko sa COVID-19, ang Pasilidad ng Healthcare ay dapat tumigil at hindi na gumawa nang pamamaraan na iyon.

11. Mga Kahulugan.

Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang kahulugan ng mga sumusunod na salita ay nasa ibaba:

a. Ang "pasyente" ay nangangahulugan ng sinumang tao na (1) tumatanggap ng pangunahing pangangalaga mula sa Pasilidad ng Healthcare; (2) itinalaga sa Pasilidad ng Healthcare (o isang network na kabilang ang pasilidad na iyon) ng isang insurer o ng magkatulad na tagapagbayad; (3) tumatanggap ng in-patient care mula sa Pasilidad ng Healthcare; o (4) kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga mula sa isang pasilidad

ng urgent care, emergency department, o iba pang magkatulad na pasilidad na naglilingkod sa mga miyembro ng publiko na nababatay sa walk-in.

b. Ang "Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19" ay nangangahulugan ng paggamit ng Pagsusuring Dyagnostiko na PCR para sa COVID-19 na nauugnay sa SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19, o impeksyon ng bagong coronavirus.

c. Ang "Pasilidad ng Healthcare" ay nangangahulugan sa (1) anumang klinika, pasilidad ng urgent care, emergency department, o iba pang magkatulad na pasilidad na matatagpuan sa County na pag-aari, direkta o hindi, ng isang entidad na nagmamay-ari din o nagpapatakbo ng isang acute care hospital, saan man ang lokasyon ng acute care hospital na iyon; at (2) alinmang acute care hospital na matatagpuan sa County.

d. Ang "Sintoma ng COVID-19" ay nangangahulugan ng isang sintoma na naaayon sa COVID-19, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, ubo, pagkapos sa paghinga, kahirapan sa paghinga, lagnat (nasusukat o hindi), panginginig, rigors, myalgia, pananakit ng ulo, pananakit ng lalamunan, o pagkawala ng pang-amoy o panlasa.

e. Ang "Taong May Sintomas" ay nangangahulugan ng sinumang indibidwal, anuman ang edad, na mayroong anumang Sintoma ng COVID-19.

12. Ang Kautusan na ito ay inalabas batay sa pangangailangan para tumaas ang napapanahong pagsusuri upang matukoy ang COVID-19 sa loob ng County. Dahil sa pagpapatuloy ng pandemyang COVID-19 sa lokal, sa rehiyon, sa buong bansa, at sa buong mundo, mayroong isang emergency sa pampublikong pangkalusugan sa buong County. Ang sapat at napapanahong Pagsusuring Dyagnostiko para sa COVID-19 ay mahalaga upang matukoy ang parehong mga impeksyon ng may sintomas at walang sintomas, matigil ang pagkalat ng virus, matiyak na ang mga indibidwal na may COVID-19 ay tumatanggap ng naaangkop na pangangalaga, makapagtukoy ng mga kaso at mabukod ang mga ito, kilalanin ang mga nakasalamuha ng mga kaso at ibukod sila, at sa gayon ay mapabagal ang pagkalat ng virus hangga't maari upang maprotektahan ang mga taong madaling magkasakit, upang maiwasan ang mga impeksyon at malubhang sakit at kamatayan, at upang maiwasan na mahirapan ang sistema ng healthcare.

13. Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa pagkaroon ng libu-libong naiulat na mga kaso ng COVID-19 sa County, daan-daang mga namatay, at ang patuloy na malawakang pagkalat sa komunidad.

14. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng sanggunian, sa Proklamasyon ng State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom noong Marso 4, 2020, sa Executive Order (Executive Order N-25-20) na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom noong Marso 12, 2020, sa Deklarasyon ng Local Health Emergency Tungkol sa Bagong Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas noong Pebrero 3, 2020 ng Opisyal ng

Pangkalusugan, sa Proklamasyon ng Lokal na Emergency na inilabas ng Direktor ng Serbisyong Pang-emergency ng County noong Pebrero 3, 2020, sa Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Local Health Emergency noong Pebrero 10, 2020, sa Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Local Emergency, at patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, noong Pebrero 10, 2020, tulad ng bawat isa sa kanila na nadagdagan at maaaring madagdagan.

15. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, at ang awtoridad ng civil enforcement na itinatag ng Agarang Ordinansa Num. NS-9.291, ang bawat halimbawa ng pagkabigo ng isang Pasilidad ng Healthcare na sumunod sa anumang indibidwal na probisyon ng Kautusang ito ay magiging isang hiwalay at solong paglabag ng Kautusang ito.

16. Itong Kautusan ay magiging epektibo sa 12:01 AM ng Setyembre 25, 2020 at magpapatuloy na magkakabisa hanggang sa mapalawig, matanggal, mapalitan, o mabago ito sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.

17. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat na agad: (1) magagamit sa Sentro ng Gobyerno ng County sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan (www.sccphd.org); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.

18. Kung mayroon mang probisyon ng Kautusang ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari na ipinagpasiya na wala ng bisa ng isang korteng may kwalipikadong hurisdiksyon, ang natitirang Kautusan, kabilang ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maapektuhan at mananatiling ipinapatupad at may bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaring maihiwalay.

**ITO AY INIUTOS:**

______________________________ Petsa: ____________

Sara H. Cody, M.D.
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Inaprubahan sa anyo at legalidad:

______________________________ Petsa: ____________

James R. Williams
Tagapayo ng County